Ang Tagumpay sa Pag-aaral ay Nagsisimula sa Pagpasok sa Paaralan

Ano ang mangyayari kapag ang isang mag-aaral ay lumiban ng isang araw sa paaralan, sa anumang kadahilanan?

- ✓ Ang isang mag-aaral ay kailangang pag-ibayuhin ang pag-aaral sa susunod na araw upang makahabol sa napag-iwanang aralin at gawaing-bahay. Ang U.S. Department of Education ay naninindigan na ang bawat araw ng pagliban sa paaralan, dalawang araw ang gugugulin ng mag-aaral upang makabawi.

- ✓ Ang isang guro ay nawawalan ng oras sa pagtuturo na turuan ang isang mag-aaral ng mga bagay na itinuro sa buong klase sa nakaraang araw, samakatuwid makapipinsala sa banghay-aralin sa susunod na araw. Maapektuhan ang buong klase, hindi lamang ang di pumasok na mag-aaral. Ngayon bilangin ito sa 30 mag-aaral sa takbo ng buong taon at apektado kahit na ang mga magagaling na mag-aaral.

- ✓ Ang isang paaralan ay nalulugi sa pondo, mula $30 hanggang $50, depende sa distrito. Maaaring maapektuhan nito ang pagbili ng mga kagamitan sa silid-aralan, gaya ng mga aklat at bagong gamit sa komputer. Bilangin ito sa 500 mag-aaral, at maaaring mangahulugan ng pagkakaiba sa paghirang at pagbawas ng mga kagawad, pagbili ng mga bagong kagamitan, o pagpondo sa bagong programa. Ang mga pagliban sa San Diego Unified School District (SDUSD) para sa taong '05-06 ay nagkakahalaga sa distrito ng may $28.8 milyong nawalang kikitain.

- ✓ Ang isang bayan ay nawawalan ng mahahalagang kayamanan sa napakalaking halaga. Ang mga mag-aaral na lumiban sa paaralan ay hinahamon ang ating bayan ng napakalaking kawalan sa panahon at hindi mabilang na salapi sa mga paglilingkod sa "pagkumpuning gawain" kagaya ng krimen, pagpapayo, at bawal na gamot.

Ang kasulatang ito ay inihayag sa suporta ng Annie E. Casey Foundation Grant.

Sa karagdagang kaalaman kung papaano kayo makatutulong na panatilihin ang mga mag-aaral sa paaralan, tawagan:

Jennie Breister
Grant Coordinator
Annie E. Casey Foundation
Communications Department
San Diego Unified School District
619-725-5598 or jbreister@sandi.net